

The Project Gutenberg eBook of Patnubay nang Cabataan ó Talinhagang Buhay ni Eliseo at ni Hortensio, by Joaquín Tuason

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Patnubay nang Cabataan ó Talinhagang Buhay ni Eliseo at ni Hortensio

Author: Joaquín Tuason

Release date: July 16, 2005 [EBook #16312]
Most recently updated: December 12, 2020


Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad, Pilar Somoza and PG Distributed Proofreaders. Special thanks to Elmer Nocheseda for providing the material for this project. This ebook edition was typed page by page from digital images taken of the book which was too fragile to scan.

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK PATNUBAY NANG CABATAAN Ó TALINHAGANG BUHAY NI ELISEO AT NI HORTENSIO ***

[Transcriber's note: The original publisher of this book used two types of diacritical mark on "g", breve and tilde.]

[Paalala ng nagsalin: Ang orihinal na naglimbag nang librong ito ay gumamit ng dalawang klaseng tuldik sa "g", breve at tilde.]



PATNUBAY NANG CABATAAN

ó

TALINHAGANG BUHAY

NI

ELISEO AT NI HORTENSIO

NA QUINATHA

NI JOAQUIN TUASON

nang may cunang uliran ang sinomang babasa.

Inihandog sa calinislisan at lubhang

MAPAGCALIÑGANG PUSO NI MARÍA

Sa dulo,i, linag-yan nang isang pagpupuri

CAY S. LUIS GONZAGA

TAÑGING PINTACASI NANG CABATAAN

May lubos na capahintulutan

MANILA

**Establecimiento Tipográfico de Modesto Reyes y C.^a
Salcedo núm. 190 (Sta Cruz)
1901**

¿Quod mimus Reipublicae majus, meliusve affere possumus,
quam si docemus, atque erudimus juventutem? Cic. II, de Div.

INDICE

	Página
Sa calinis-linisan at lubhang mapagcaliñgang puso ni Maria	3
Sa mañga dalagang babasa nito	5
Pasimula	7
Capítulo I. Ang magandang asal na dapat pasimulan mulang cabataan	10
Capítulo II. Ang pinagcautañgan nang buhay	15
Capítulo III. Ang hiyas nang isip	16
Capítulo IV. Cung ano ang buhay siyang camatayan	21
Capítulo V. Si Hortensio at ang pagcabaligtad nang mundo	27
Capítulo VI. Ang uliran nang mañga dalaga	34
Capítulo VII. Ang pagpili nang cacasamahin at ang mabuting paraan nang mangyaring macamtan	38
Capítulo VIII. Ang pusong garing na di malamuyot	44
Capítulo IX. May dalahirang banayad at may mahinhing talipandas	50
Capítulo X. Ang catampalasanan ni Neron, at ang matandang mangagauay	53
Capítulo XI. Ang pagtatagumpay nang cababaan at pagcaduhagui nang capalaluan	58
Capítulo XII. Isang cabaitan ang maghunos dili cung may cagalitan	65
Capítulo XIII. Ang buhay taga lañgit at ang pahimacas	72



SA CALINIS-LINISAN

AT LUBHANG

MAPAGCALIÑGANG PUSO NI MARÍA

O *Pusong* hindi man nalahirang libag
nang sala ni Adang minana nang lahat,
magsaganang bucal na di na-aampat
pagdaloy nang aua
sa balang dumulog na napalilinġap.

Cutang sadyang tibay na nacababacod
sa canino pa man palarang pacupcop,
mariquit na jarding hindi mapapasoc
nang lalong panġahas,
sucab na caauy at may budhing hayop.

Oh daong ni Noé, na pinagpitagan
nang gahasang tubig sa mundo,i, gumunao,
tantong maliligtas sa capahamacan
ang lumulang tauo,
cahima,t, busabos na macasalanan.

Gayon ma,i, ang lalong iyong quinucupcop
ang napa-aauang malinis na loob,
ipinanġanġanib ang lubhang marupoc
na catauang lupa
na sa ati,i, laguing naquiquihamoc.

Caya ang samo co, *Pusong* lubhang uagas;
aco,t, ang babasa,i, tapunan nang linġap,
na houag itulot cami,i mapahamac
habang nabubuhay
sa balat nang lupang lipos nang bagabag.

Mapagpalang Ina,i, iyong calinġain
aco nang *Puso mong* lubhang mahabaguin;
houag pabayaang quita ay purihin
sa mundo, at saca
doon sa cabilang buhay caaua-yin.

Cundi ang luhog co,i, yaring pagdiriuang
nġayon sa danġal mo, buti,t, cariquitan,
lubos na lumaġui habang aco,i, buhay
at hangang sapitin
yaong bayang puspos nang caligayahan.

JOAQUIN TUASON.

Sa mañga dalagang babasa nito.

Cung capanahunan nang pamumucadcad
nang balabalaqui na mañga bulaclac,
sa mata at puso,i, nagsisipag-gauad
nang caligayahang lubhang aliualas.

Di sucab masabi ang pagcacalinġa
nang baua,t, may-ari na nag-aalaga,t,
baca cun malanta ang pananariua
tambing na malagas, lumagpac sa lupa.

Sapagca n̄ga,t, cayo ang nacacatulad nang aqing binanguit na man̄ga bulaclac, at capanahunan nang pamumucadcad nang sigla nang iyong catauang marilag.

Sa arao at gabi pauang caaliuan sa iyo ay halos ang pumapatnubay, ang dusang mapait bahag-ya na lamang ihandog ang caniyang lilong caban̄gis.

Ang masayang tinig nang man̄ga música ay iguinagauad sa inyo touina; sa bayan ó nayon, cayo ang ligaya anopa,t, cauan̄gis nang man̄ga sampaga.

Alin mang ligaya anaqui ay culang cundi macasama ang cadalagahan, malungcot ang bahay, ualang cahusayan ito,i, hindi sucat ipag-alinglan̄gan.

Cayo n̄ga ang laguing hinahanap-hanap nang ibig cumita nang maguiguing palad; бага ma,t, cung minsa,i, napapauacauac ang mapanibulos sa inyo,i, lumiyag.

At cayo rin naman ang guinagauaran nang labis na puri at lampas na galang, sa inyo ay madla ang nag-uunahan sumunod nang baua ninyong maibigan.

Bagama,t, marahil ang inadhica,i, ang bun̄ga nang inyong pagcapan̄ganyaya, cahima,t, di ninyo sinasapantaha,t, malayong malayo uari sa gunita.

At sa inyo naman aqing inihandog yaring duc-hang gugol nang isip na capos, marapatin nauang tangapin nang loob ang inadhica co na icalulugod.

Sa oras na tila ibig mamanglao ang dibdib na gaui sa caligayahan: at nang sa pagbasa ay houag manamnam ang saclap na gauad nang capighatian.

Bumabasang irog, houag ipagtaca ang lagda nang aqing mabagal na pluma sa gusot na hanay acalain mo nang sa salat ay ¿anong hahanapin бага?

Inaasahang cong mayroon din naman na puputihin cang bun̄ga,t, paquinabang, at houag man̄gamba sa catitisan na macarurun̄gis sa pusong dalisay.

Sa may tauang uica na parang aglahi ang magandang aral parang itinahi at sa di nangyaring buhay ay nagbinhi nang isang maayos na pag uugali.

Cung бага,t, mabuti ang iyong matunghan Dios ang purihin at pasalamatan; n̄guni,t, cung masama nama,i, cahabagan ang laqui nang aqing hindi carunun̄gan.

Páhiná 6

PASIMULA

Páhiná 7

Sa tabi nang isang malauac na dagat na pinanununghan nang bundoc at gubat, may isang lalaqing doo,i, lumalacad ulol ang cauan̄gis, ualang tinatahac.

Sa lagay nang anyo,t, mapanglao na muc-ha mapagquiquilalang may dinaralita,

ang buntong hiniñgang hindi quinucusa
nag-aabot-abot na uala nang tila.

Ang pananamit pa,i, ualang munting ayos
at basa nang pauis sa harap at licod,
hindi anumana munti man sa loob
ang init nang arao na catacot-tacot.

Mariquit na buhoc gulong gulong lubha
anopa,t, mistulang guinusot na cusa,
at namamalisbis na manacanaca
sa mata ang lalong mapait na luha.

Anaqui ay ualang matutuhan gauin
lalacad nang munti, at saca titiguil,
uupo sa cahoy, papagdadaupin
ang dalauang camay, labi,i, cacagatin.

Itong tauong lipos nang dalita,t, dusa,i,
marilag ang tindig na caaya-aya,
ang tabas nang muc-ha,i, caliga-ligaya
at buháy na buháy ang daluang mata.

Noo,i, maliuanag, malago ang buhoc,
mapula ang pispñgi, iling ay matanños,
ang guitling nang liig ay calugod-lugod,
daliri,i, maliit at sadyang bibilog.

Ang dibdib ay buo, paa ay çabagay
nang ugaling laqui nang panñangatauan,
malicsi ang quilos; nñuni,t, namamasdan
na nahahalo rin ang cabanayaran.

Páhiná 8

Sa caniyang lagay ay mapaghuhulo
na may catiisan siyang catutubo
baga ma,t, cung minsan ay tila susuco
sa dahas nang dusang nanaca sa puso.

At sa muc-ha niya,i, mapag-uunaua
nang macaquiquitang siya,i, batang bata
cahit nalilipos nang hindi cauasa
at lubhang mabanñis na pagdaralita.

Sa guitna nang saquit niya,t, pag-iisa
humahanap mandin nang macacasama,
ang boong acala ay cung maihinña
maisban-isban ang tindi nang dusa.

Di caguinsaguinsa siya,i, nacarinig
nang yabag nang paa sa dacong malapit,
agad natilihan, at ang sumaisip,
ito,i, capara cong may sucad sa dibdib.

Mapamaya maya lamang ay naquita
ang quinaugitlahang hinabol nang mata,
pagdating sa harap niya ay nagbadya
«¿Eliseo,i, baquit, at narito ca?»

«Salamat, Hortensio, catoto cong liyag
at natagpuan mo acong lipos hirap,
sa lagay na yari ay humahaguilap
nang isang gaya mong may loob na tapat.

«At aqing bubucsan laman niyaring dibdib
na pauang dalita,t, suson-susong hapis,
diua ay uala nang lunas na macapit
sa binilogbilog nitong sang daigdig.

«Caya naparito,i, aqing linilibang
ang dusang habilin nang mama cong hirang,
tila tumatangui sampong calañgitan
umalio sa aqing pusong nalulumbay.»

Páhiná 9

«Houag magca-gayon, anang bagong dating,
laganap ang aua nang Dios sa atin:
pacaasahan mong hindi magmamalio
ang dating calinña sa nahihilahil.

«Caya sabihin mo ang puno at ugat
niyang dalita mong sa muc-ha,i, nalimbag:
isinusumpa cong caramay mo, liyag,
ang bagong catoto, bagama,t, di dapat.

«At cung sacali ma,t, sa sang lingo lamang
pagquiquilala ta, Eliseong hirang,
sumapanatag ca,t, iyong namamasdan
ang uri nang aquing pag-ibig na tunay.

«Tahas na uica cong malayong di palac
sa abang Hortensio ang gauang magsucab,
lalo,t, sa para mong sa aqui,i, nagligtas
doon sa nagnasang buhay co,i, mautas.

«Yaring boong buhay alanĝan pa mandin
ibayad sa iyong paglinĝap sa aquin,
dahil sa tulong mo,i, siyang nacapiguil
sa camatayan cong biglang sasapitin.»

«Cung gayo,i, halica,t, tayo,i, mag-agapay
sa lilim nang cahoy na lubhang malabay:
di lamang ang dusa cundi boong buhay
ang sasalitin co,i, mangyaring paquingan.

«At ligaya co nang iyong matalastas
ang buhay na yaring silo-silong hirap,
nang ang paglinĝap mo,i, siyang maguing lunas
na lubhang mabisa sa pusong may sugat.

CAPÍTULO I.—*Ang magandang asal na dapat pasimulan mula sa cabataan.*

Páhiná 10

«Sa Limang^[1] capital nang Perúng calac-han
masaganang ciudad nang maraming yaman;
siyang naging palad na quinamulatan
niring manĝa matang sa pagluha,i, laan.

Nanariua nĝayon dini sa gunita
ang camusmusan cong quinandong nang toua;
manĝa magulang co,i, ang laquing adhica
masunod ang aquing balang ninanasa.

Caya,t, ang uica co,i, sa buhay nang tauo,
oh catotong ibig, guilio na Hortensio,
ay maicacapit ang nĝalang paraiso
sa buhay nang batang bago pa sa mundo.

Sapagca at ualang munting ala-ala
sa gutom at puyat, sa dusa,t, panĝamba;
loob ay payapa, laguing nagsasaya
sa inang candunĝan na nagcacalara.

Ang lahat nang bagay sa sang daigdigan
pauang naghahandog nang caligayahan,
di nagugunita yaong camatayan
quiquitil nang buhay sa sang catauhan.

Balang macaquita ay nanĝalulugod
at catuoa-toua ang lahat nang quilos,
pagca palibhasa,i, malinis ang loob
at ang cumacasi,i, ang gracia nang Dios.

Ganito ang aquing dinaanang buhay
nang cabataan co cay inang namatay:
joh cung mangyayari sanang pagbalican
ang cauli-uili,t, mapalad na arao!

Di co na nalasap ang layao cay ama,
yayamang hindi co siya naquiquilala,
icalauang taon nang edad cong dala
siyang pagcamatay aco,i, nanĝulila!

Nang aquing sapitin icapat na taon
panĝunĝulila co,i, lalo pang nag-ulol,

Páhiná 11

ang masintang inang lubhang mapag-ampon
binaiyang buhay nang Dios na Poon.

Sa pagpipighati di lubhang nalugmoc,
palibhasa aco,i, cabataang puspos,
natuyo ang luhang sa mata,i, naagos,
ang ama co,t, ina,i, lubos na nalimot.

Naguing parang ama na nagcacalinga
capatid na bunso nang ina cong mutya,
ang pagpapalayao ay cahanġa-hanġa
sa palad cong yari na napaca-aba.

Ang mama cong ito,i, isang bagong tauo,
ang edad na dala ay dalauang puo,t, pito,
may loob matanda at di nagugulo
sa manġa dalagang paroo,t, parito.

Panġala,i, Prudencio, banayad ang asal
at sampo nang quilos ay hindi magaslao,
mahusay manġusap naman at magalang
sa cahima,t, sino na macapanayam.

Ualang panġalauang magturo,t, humatol
sa nasasalatan, para co nġa nġayon,
dunong na umalio sa nalilingatong,
sa ulila nama,i, lubhang mapag-ampon.

Sa boong maghapo,i, hindi nauaualan
nang quinacalinga na caabalahan,
at namamahala sa naiuang yaman
nang manġa nuno cong caniyang magulang.

Páhiná 12

Pagdating nang gabi aco,i, tinatauag,
at tinuturuan nang gagauing dapat,
caya sa puso co,i, dili nacacatcat
ang aral nang aqing mamang liniliyag.

Nang aco,i, arala,i, bata pang maliit
nang dapat asalin nang tauong may bait:
pinanġunġunahan aco sa pagsambit
sa nġalan nang Dios, lumic-ha nang lanġit.

Sa touing umaga, ay bago co lisan
ang lubhang malambot na aqing hihigan,
unang babatii,t, pasasalamatan
ang lanġit sa dilang biyayang quinamtan.

Pinag-iinġatan ang bata cong dibdib
na houag sayaran nang sa salang dunġis,
at lagui na acong pinapananalig
sa aua ni Mariang Inang matangquilic.

Tacot ay di gayon nang mama cong irog
aco ay mahilig sa may lasong lugod,
na ipinapain sa bata cong loob
nang marayang mundong madaling matapos.

At sa aqing puso ay ipinupunla
pagsinta sa Hari nang lanġit at lupa,
gayon sa sarili, at sa tauong capoua,
saca ang maganda,t, loob na payapa.

Halay ay di gayon, nitong mama co,
nang batang lagui nang naquipagtaló,
palalong manġusap, anaqu,i, demonio,
ualang munting aua sa capoua tauo.

Dila,i, tampalasa,t, ualang pacundanġan
sa matandang tauo,i, hindi gumagalang,
ang masamang bibig binubuca lamang
ay ang sinasabi,i, di na-aalaman.

Páhiná 13

Ang pagbubulaa,t, pag-uupasala,
paninirang puri, paglibac, pagcuta
at iba pang sinġao nang masamang dila
inuulit-ulit na ibinabala.

Di mamacailang sabihin sa aquin
na ang catamara,i, aqing susupilin,
at hangang bata pa,i, dapat hiratihin
sa pagod at puyat ang catauan co rin.

Ang tauong touina,i, ualang guinagaua
sa boong maghapon cundi magsalita,
sa nacaquiquita ay cahiyahiya,
at nacamumuhi sa loob nang madla.

Cataua,i, masagal, di paquinabanġan
tungcol sa gagauin na may casaysayan,
paroo,t, parito siyang catungculan
at ang inuuncat buhay nang may buhay.

Ang ganitong asal ay tantong malapit
sa madlang dalita, hirap at panġanib,
pagca palibhasa,i, hindi iniisip
ang huling sandaling sasapiting pilit.

Inaalintana,t, di nahihinayang
sa arao, at oras na nacararaan,
sa toui-touina,i, tila namamanglao
at ualang magaua na anoman lamang.

Tayong nauiuili sa pagsasalita
nang bago at bago na manġa balita:
¿ano caya bagang ating mapapala
sa buhay na itong dapat icacutya?

¿Dili natin tanto,t, darating na pilit
ang arao at oras, na tacda nang lanġit,
na hihinġan tayo nang cuentang mahigpit
sa tanang guinauang buctot at matouid?

Tayo na nġa lamang ay napararaya
sa hiling nang ating catauang masama;
ang mama mong imbi unang una na nġa:
¡iyong patauarin Dios na daquila!

Di pa sucat ito ay idinuructong
parang pahimacas sa lahat nang hatol,
icaoy bata pa,i, dapat na magtipon
nang magandang asal habang may panahon.

At nang cung tumandai,i, houag cang magsisi
sa di carununġan nang bait mong imbi,
at pag nagcataon masasabisabi
dica tinuruan nang gauang mabuti.

Anopa,t, sa aral nang mama cong ibig
nabubucsan naman yaring pag-iisip,
saca unti-unti nanasoc sa dibdib
ang sintang dalisay sa Hari nang lanġit.»

Capagdating dito,i, nag-uica pagcouan
itong si Hortensiong parang napamaang:
«pasalamatan mo yaong calanġitan,
ang naging mama mo,i, dunong na umaral.»

Sa cay Eliseo namang isinagot,
«di co linilimot ang aua nang Dios,
palalaguiin co hangang sa malagot
ang tanġang hininga,t, buhay co,i, matapos.»

CAPÍTULO II.—*Ang pinagcautañgan nang buhay.*

«Isa namang gabi,i, aco,i, quinauayan
nang guilio cong mamang labis na magmahal,
aniya,i, dinguin mo ang ipagsasaysay
cun sa natutulog ay parang pamucaoy.

Pacatandaan mo ito at iguhit
sa caibuturan nang puso at dibdib,

at isa sa samong utos niyong lanġit
sa lahat nang tauo nitong sangdaigdig.

Icao ay bata pa niyong camatayan
nang masintang ama,t, inang mapalayao:
houag mo rin, bunso, namang calimutan,
iyong idalanġin sila nang mataman.

Liban na sa Dios bilang panġalaua
dapat na suyuin ang ama at ina,
igalang at sundin utos na bala na
at houag bibig-yan anomang balisa,

Ang uica ni Platon,^[2] filosofong paham,
ay Dios sa lupa ang manġa magulang,
pagca,t, panġalauang pinagcautanġan,
nang tauo sa mundo nang inġat na buhay.

Ang sila,i, igalang tantong nararapat,
suyo at pagdama,i, laguig igagauad,
tuloy abuluyan sa madlang bagabag,
pighati,t, dalita, ó anomang hirap.

At ang manġa anac na nagsisigalang
sa canicanila na manġa magulang,
tantong naghahanda nang caguinhauahan
dito,t, saca doon sa cabilang buhay.

Dapoua,t, ang lilo na may asal ganid
sa manġa magulang culang nang pag-ibig,
dito pa sa lupa,i, lalasp na pilit
nang pait nang dusa,t, saclap nang hinagpis.

Para nang nasapit niyong si Absalon
nasabit ang buhoc sa puno nang cahoy
at doon namatay: ¡Oh parusang ucol
niyong calanġitan sa may pusong gayon!

Ang nasapit naman niyong ualang galang
na anac ni Noè na panġalan ay Cam,
siya,i, naruhagui sampong boong angcan,
sa canilang muc-ha sumpa,i, napaquintal.

Caya, Eliseo, cung tanto mong ibig
na ang iyong buhay sa mundo,i, lumauig,
manġa magulang mo,i, mamatay man cahit
sa lupa ay houag catcatin sa dibdib.

Yamang hindi na mangyayari naman
ang paglingcuran mo sila at igalang,
iyong idalanġin sa Poong may capal
caloloua nilang sa mundo,i, pumanao.

CAPÍTULO III.—*Ang hiyas nang isip.*

Icapitong taon nang aco,i, sumapit,
na capanahunang pagsilang nang bait,
tantong minarapat nang mama cong ibig
sa isang maestro aco,i, ipahatid.

Ang nġala,i, Pancraccio, panġalauang Mentor^[3]
cung sa cabaita,t, gayondin sa dunong,
siyang minabuting sa aqui,i, mag-ampon,
magturo,t, umaral nang gagauing ucol.

Sa anyo at muc-ha parang naquiquintal
ang caguilio-guilio na magandang asal;
at sa bahay niya,i, aco,i, pinatahan
yamang nalalapit ang caniyang bayan.

Minulan na niyang tiquis isinabog
ang lunas na aral sa bata cong loob,
at sa aquing bait ay ipinapasoc
yaong carununġang camahala,i, puspos.

Nğuni,t, pahintulot niya ang maglibang
sa capoua co batang nagsisipag-aral,
at isa nğa rito,i, naging caibigan
mahiguit sa isang capatid na tunay.

Panğalan ay Fidel, matalinong bait
pandac na lalaqui,t, mariquit ang voces,
quinauiuilihan nang balang duminğig
ang lubhang maayos niyang pagsusulit.

Mapusoc ang loob, lubhang salangapan
ang aqing napiling unang caibigan;
datapoua,t, dahil sa mabuting aral
ay cabaitan din ang namamag-itan.

Puso,i, bahag-ya na dalauin nang sindac,
anaqui ay laguing nasa sa panatag,
inaalintana anomang bagabag,
caya nğa,t, malapit sa pagcapahamac.

Páhiná 18

Pagca,t, ualang hantong sa balang maisip
at dili gunita anomang panğanib,
houag lamang hindi masunod ang nais;
nğuni,t, sa hatol co,i, siya,i, naquiquinig.

Ang ugaling ito ay binagong cusa
nang naturang Fidel, aqing cababata
mulang mapag-uari niya,t, maunaua
na sa cotouira,i, tantong nalilisiya.

Aqing quinasama habang nag-aaral
ang tapat na loob na catotong hirang;
dito nalathala yaong catalasan
nang isip ni Fidel na quinahanğaan.

Aming iniraos ang pagsusumaquit
nang maliuanagan ang malabong bait:
lacad nang bituin aming iniisip,
saca ang sa arao na laguing pagliguid.

Ang lahat nang bagay nating natitingnan
sa balat nang lupa na may caramdaman:
ang tauo,t, ang hayop, at ang uala naman
na para nan bato at manğa halaman.

Gayon din nğa naman yaong manğa diua
na ualang cataua,t, espiritung paua:
ang Hari sa Lanğit na di matingcala,
caloloua nati,t, Angeles na madla.

At itinuturo nang maestro namin
ang ugaling dapat sa mundo,i, asalin:
na *ang catouirang aalinsunurin;*
ang masamang gaui nama,i, susupilin.

Ang tatlong daquila nating catungculan:
una ay sa Dios na dapat igalang,
at sintahin lalo sa lahat nang bagay,
itanim sa puso habang nabubuhay.

Páhiná 19

¿At paano cayang hindi iibiguin
yaong cagalinğang ualang macahambing?
malauac na dagat na hindi malining
nang lalong mataas paham na Querubin.

Ang caniyang sinta,i, laguing nag-aalab
sa linic-hang tauo na aliping hamac,
na pinapanaog ang bugtong na Anac
sa caalipinan nang tayo,i, maligtas.

Tungcol sa sarili panğalaua bilang
nang aqing sinabing manğa catungculan,
pag-inğatan бага,t, mahalín ang buhay;
nğuni,t, lalo pa nğa yaong ualan hangan.

Saca ang icatlo,i, pag-ibig sa capoua,
tulunğan sa dusa, pighati,t, dalita:

di co na sayuri,t, lalauig na lubha
ang itinuturong cagalinġang paua.

Sa oras nang aming pagpapahinġalay
sari-saring laro,i, pinag-aaliuan,
na may tumutula,t, may nag-aauitan:
tignan mo ang aquing sa Virgen ay alay:

«Pag-asa sa Ina nang aua.»

»Icao na tacbuan niyaring abang puso
»sa anomang dusa na sumisiphayo,
»sa lilim nang iyong ampo,i, nagtatago
»itong alipin mo, taglay ang pagsuyo.

»Icao ang ligaya cung aco,i, malumbay,
»matibay na moog niring cahinaan,
»saclolo cong tanġi sa capanġaniban
»at sa aquing isip ay caliuanagan.

»Icao ang tinudlá nang aquing pag-irog,
»bilang panġalaua nang anac mong Jesus,
»pagsambit sa iyong nġala,i, naghahandog,
»sa puso nang lalong dalisay na lugod.

»Icao ang maestra nang di carununġan,
»mabisa cang lunas nang saquit na tanan,
»masaganang batis na binubucalan
»nang tubig nang graciang mapagbigay buhay

»Dahilan sa iyo,i, ang bayan nang hirap
»ay inaari co na Edeng^[4] mapalad,
»mahina cong loob ay mapapanatag
»sa huling sandali na casindac-sindac.

»Dahil sa tulong mo ay madadalisay,
»lilinis ang pusong sa dilag mo,i, alay;
»ang bininhing sinta,i, iyong alalayan
»nang houag malanta magpacailan man.

»Dahilan sa iyo,i, mapapauing pilit
»ang ulap nang ibang sintang maligalig,
»lulucso ang diuá, tatahip ang dibdib
»sa caligayahan na gauad nang lanġit.

»Hangan dito, Ina,t, ticang pagtamanan
»pagpuri sa iyong manġa cagalinġan;
»di linilimot naman ang pag-galang
»sa iyong Esposong calinis-linisan.»

Ano,i, nang matapos ang pagbasa nito;
tila mabuti na, uica ni Hortensio,
na tayo,i, umoui, at sa cuarto mo
ay ualang dirinġig cundi lamang aco.

CAPÍTULO IV.—Cung ano ang buhay siyang camatayan.

Sa bahay nang isang laqui,i, ugali,
pinto,i, bahag-ya na nabuc-san nang munti,
at sa loob nito ay may natatali
isang asong galgo na nacalupagui.

Sa lual nang bahay may isang halaman
na di co masabi cung ano ang nġalan,
daho,i, malalapad, sanġa,i, malalabay
at ang isang silid ay nalililiman.

Sa lupa,i, nagcalat na lumilipana
yaong tinatauag nating macahiya,
ito,i, tumutungo,t, nanġanġayupapa
sa capoua damo, anang manġa bata.

Nang isang tanghali mana ay pumasoc
dalauang binatang tumatacbo halos,
sa pauis nang muc-ha,t, hingang nanngangapos
mapagquiquilalang malaqui ang pagod.

Ang dalauang ito,i, di co na sabihin
at quilala mo na, bumabasang guilio,
ating pabayaan cung anong gagauin,
salitaan nila,i, pilit tatapusin.

Di naghantonghantong camunti man lamang
nagtuloy pumanhic sa naturang bahay,
at ang isang silid agad na binucsan
at capagcapasoc ay muling sinarhan.

Nag-upuan sila,t, tica,i, mag-uusap
sa dalauang silla na nagcacatapat,
isa sa canila,i, pagdaca,i, nanngusap:
ganito ang dinguin, bumabasang liyag.

Ani Eliseo sa catotong ibig,
labing ualong taon ano,i, nang sumapit,
dumating ang isang sulat na pahatid
niyong aquing mama, ganito ang sulit:

»Guilio cong pamanquin, yaring caraingan
»ay talastasin mo at panaingan,
»na cung mangyayari,i, muling pagbalican
»ang bahay na itong iyong quinaguisnan.

»Tanto mo na, bunso,t, aco,i, nag-iisa
»ualang magcalinga baquit matanda na,
»icaog ang pangdugtong nang tangang hininga
»at caligayahan nang dalauang mata.

»Icao ang tuncod cong panggunyapitan
»nang mahinang lacas niring catandaan
»at cung ang buhay co,i, malapit nang manao
»sa manga camay mo nasa cong mamatay».

Nahambal ang aquing puso sa pagbasa
nang liham na lagda nang boong pagsinta,
caya nga,t, niyon din aquing pinasiya
na ganaping agad ang caniyang pita.

Linisan co na nga iyong pag-aaral
at aquing tinungo, ang iniuang bayan,
nang aco,i, dumating sa mama cong bahay
toua,i, dili gayon nang aco,i, mamasdan.

At saca nag-uica, guilio cong pamanquin,
paquimat-yagan mo yaring sasabihin,
pagca,t, panahon nang dapat mong lasapin
ang pait nang dusang pamana sa atin.

Nang nunong si Adan na pinatamaan
nang sumpa nang Hari nang sangcalangitan,
*na sa iyong pauis, aniya,t, capagalan
doon mo cucunin ang icabubuhay.*

Munti man ay hindi nagdamdam nang hapis
yaring aquing puso sa gayong narinig,
sapagca nga,t, tantong ayon sa matouid
ang caniyang aral na ipinagsulit.

Bagcus pa ngang aquing pinasalamatan
ang paglingap niya sa aba cong buhay,
tuloy na tinicang siya,i, paglincoran
hangang may hininga na iniingatan.

Mangyayari caya ang maghinanaquit
sa hatol na lagda nang boong pag-ibig,
pagca,t, ang mama co,i, may tapat na dibdib
at lubhang marunog siyang magmasaquit.

Nagsama na coming hustong pitong boan
nitong amain cong labis na magmahal;

mana,i, isang hapo,i, nag-uica pagcouan:
«di na malalaon yaring aqing buhay.»

Tila di mangyaring aco,i, maniuala
sa bagay na yaong caniyang uinica;
nǵuni,i, niyong din cusang inihanda
ang naquiquinitang pagpanao sa lupa.

Uala acong sucat na pagcaquitaan
nang icalalagot nang hiniñgang tanġan;
malacas na lubha naman ang catauan,
bagama,t, ang muc-ha,i, uari namamanglao.

Hindi co napiguil pagtulo nang luha
sa paglinġap niya touing magunita,
dinguin mo ang caniyang matamis na uica
udyoc nang malaquing pag-ibig at aua.

«Itanim sa iyong puso at panimdim
»itong sa mama mong huling tagubilin:
»sa arao at gabi,i, houag lilimutin
»ang Dios na Haring lumic-há sa atin.

»Ang pananagano sa Ina nang aua
»ay palaguiin mo sa puso at dila,
»siyang pagsacdalan sa hirap, dalita
»habang nabubuhay sa balat nang lupa.

»At ang balang duc-hang sa iyo,i, dumulog
»ay paquitaan mo nang magandang loob,
»houag mahinayang masayang iabot
»ang macacayanang ipagcacaloob.

»Ang sinomang tauong may magandang asal
»siyang catotohing itanġi sa tanan;
»puso mo,i, cung baga,i, may capighatian
»ay maguiguing lunas at caguinhauahan.

»At sa balang sucab magpacailag ca,
»pagca,t, ang casaman ay nacahahaua:
»iyong hihiranġin ang macacasama
»nang di ang buhay mo ay mapalamara.

»Cung magca utang cang loob sa sinoman
»ay iyong gantihin nang loob din naman:
»ang na sa sacuna,i, agad saclolohan
»mayaman ma,t, duc-ha ó cahit caauay.

»Icao na bunso co, bahalang magliling,
»yamang batid mo na masama,t, magaling,
»malibing man aco,i, houag lilimutin
»ang madla cong aral, jay pamangquing guilio!

»Bucod dito,i, dapat, yamang panahon na
»na icao,i, humanap nang macacasama,
»ang ibig co sana,i, maraos ca muna
»hangang aco,i, buhay matulunġan quita.

»¿Anong gagauin ta,i, ito na ang guhit,
»ito na ang hanga na taning nang lanġit?
»nǵuni,t, ang bilin co,i, magpapaca-bait
»at ang pipiliin timbanġin sa isip.

»Houag cang hihirang nang lubhang butihin,
»cundi yaong lalong timtima,t, mahinhin,
»pagca,t, aco,i, ayao nǵ quequendeng quendeng
»lason sa mata co,t, nacaririmarim.

»Hindi co rin ibig ang sumasagadsad
»laylayan nang saya ay puno nang lusac,
»anaqui,i, may buntot na quinacaladcad
»hayop na mistula ang nacacatulad.

»Ang hahanapin mo,i, may loob sa Dios,
»banayad manġusap at hindi mataros,
»ayao naman aco nang iinġos-inġos
»na sa tingnan lamang ay nacayayamot.

»Cung baga sacali,t, icao ay macasal
»ang pagtitiis mo ay cararagdagan
»sa asaua,t, bayao, hipag at bianan,
»gayon din sa iyong boong casambahay.

»Hangan dito aco,t, pagpalain ca rin,
»amponin touina nang mag-Inang Virgen,
»sa capayapaa,i, tantong palaguin;
»at houag mo namang aco,i, lilimutin.»

Pagcauica nito,i, nagtindig pagcouan,
umacbay sa aqui,t, napasahihigan,
saca nagpatauag isang paring banal
at ang tanang sala,i, ipinanġumpisal.

Mapamayamaya,i, aquing nahalata
siya,i, nalalagnat mainit ang muc-ha;
nġuni,t, hindi naman totoong malubha,
¿paano bagang ito,i, mamamatay caya?

At ang médico mang sa caniya,i, tuminġin,
malayong mamatay, ang uica sa aquin;
nġuni,t, unti-unti naming napaglining
na tunay ang sabi na ipinagturing.

¿Sino cayang tauo ang hindi mamaang
sa lubhang magandang sa mundo,i, pagpanao?
totoo nġa palang *cung ano ang buhay
ay siya ring hanga nama,t, camatayan.*

Páhiná 26

At quinabucasan ay biglang naglubha
cataua,i, balisa,t, malatang malata,
hindi macaquiling sa cana,t, caliua,
at nagagaril na sa pagsasalita.

Aco,i, pajesusan ang ipinagturing
at sa santo Cristo,i, mata,i, itininġin,
aniya,i, *sa camay mo,i, inihahabilin
yaring caloloua nang iyong alipin.*

Nang mauica ito,i, siyang pagcalagot
nang tanġang hiniġa nang mama cong irog,
ang puso co nama,i, parang pinaglabot
nang lahat nang dusa nitong sang sinucob.

Nagsipagcatipon mapamayamaya
ang manġa catotong dinatnang balita,
sila,i, para parang mata,i, lumuluha
sa panghihinayang na ualang camuc-ha.

Nġayo,i, natapos na ang lahat mong hirap,
at ang humalili ualang hangang galac:
aco,i, iniuan mo na tiguib nang sindac
sa guitna nang mundong lipos nang bagabag.

Lanġit ang gumanti sa iyong pag-ibig
nang ligayang hindi sucat na malirip;
aco,i, iniuan mo sa madlang panġanib,
¿oh panġunġulila na cahapis-hapis!

Di co na narinig cahit alinġao-nġao
nang iyong pagtauag na lubhang malayao:
aco,i, iniuan mo sa capighatian,
nacaisa-isa,t, ualang caaliuan.

Anopa,t, sa aquin ay naguing camandag
ang pagpapalayao niya at paglinġap;
¿oh buhay na imbi at cahabag-habag!
¿saan ihahanga, lanġit, yaring hirap?

Páhiná 27

Ito,i, siyang dahil nang aquing dalita
na dini sa puso,i, laguing umiua:
¿batid mo na baga, catoto, ang mula
niring dalamhati at linuhaluha?

Caya,t, cung ibig mo, hirang na Hortensio,
ay samahan mo na ang abang catoto,

CAPÍTULO V.—*Si Hortensio at ang pagcabaligtad nang mundo.*

Ito,i, bagong tauo, na lalabing siyam
ang bilang nang taon na linalacaran,
naguing caquilala,t, laguing capanayam
niyong Eliseo sa caulilahan.

Siya,i, unang bugtong na ipinanġanac
nang inang si Florang di na nagcapalad
na hagca,t, calunġin ang angel sa dilag,
caya,t, sa cay Fabiong ama ay nalagac.

Nġuni,t, inihandog nang masintang ina
nang bago malagot ang tanġang hiniġa
sa mapagcaliġa,t, lubhang macalara,
dalisay na Virgeng ualang bahid sala.

Naiuan sa ama na caaua-aua,
salat sa ligaya,t, sa dusa,i, sagana,
naualay sa ina baquit batang bata
bagama,t, sa bait ay lubhang matanda.

Danġang may capatid isang binibini
dito sa mag-ama ay siyang nag-iui:
panġala,i, Emilia, mahinhing babayi,
matalinong isip, daig ang lalaqui.

Páhiná 28

Ang caniyang edad apat na puo,t, isa
na di nabighani nang pag-aasaua,
at sa boong loob tantong pinasiya
ihandog cay Jesus puso,t, caloloua.

Bagama,t, marami niyong dacong arao
nabihag nang ganda niya,t, cariquitan;
dapoua,t, ang baua,t, magsabi nang pacay
hindi na macuhang muling ipagsaysay.

Sapagca,t, pagdaca,i, cusang tinatapat
nang uicang mariing, conoua,i, banayad;
«Sa bagay na iyan ang hinġi co,i, tauad
«at dini sa puso,i, lason at camandag.»

Cung pinaliligoy ang pagsasalita
nang adhicang sinta ninomang binata,
agad sasagutin nang ganitong uica:
«Linauan po ninyo at nang maunaua.»

Saca sasabihing masasayang lamang
tanang guguguling dusa,t, capagalan,
idinudugtong pa nang lalong tumibay:
«Ito,i, una,t, huling aqing casagutan.»

At cung maramdamang ibig magtiyaga
di na paquiquita,t, magtatagong cusa,
cundi macaiuas sasabihing bigla:
«Sucat na sa iyo ang catagang uica.»

Ito ang nag-iui dito cay Hortensio,
capatid nang amang panġalan ay Fabio,
at sa isang pinsan ipinaquinuso,
ang batang ulila paglabas sa mundo.

Icapitong taon ang edad nang bata
ay sa isang pare,i, ipinacaliġa
mabait, marunong, at ang labi,t, dila
ay batis nang aral na cahanġa-hanġa.

Páhiná 29

Daquila ang toua mula nang mamalas
ang sa cay Hortensiong loob na banayad,
at ang cabaitang caguila-guilalas
anaqui,i, sinusong casama nang gatas.

Lalo nang matantong lubhang mapagtiis
sa pagod at puyat, sa pighati,i, hapis;
at cahit mayroong maramdaming dibdib
ay hindi sumuco sa dahas nang saquit.

Baquit parang sadya na itinalaga
nang lanġit sa madla,t, sari-saring dusa,
quinaguisna,i, luca,t, ulila sa ina
at ang caruc-haa,i, ualang panġalaua.

Sa lahat nang bagay ay capos na capos
sa canin at damit, sampong sa pagtulog;
sa tanang casama na sa paring lingcod
ay uala isa man na nagdalang lunos.

Puso,i, nalipos nang lumbay at hapis,
ang luha sa mata,i, laguing nagbabatis,
naualay sa ama,t, aling nagtangquilic:
anopa at naging hantunġan nang saquit.

May alagang pari sabihin ang aua,
dapoua,t, quinusang di nagpahalata,
nang lalong mauagas ang puso at diua,
luminis sa apoy nang madlang dalita.

¿Aling cabaitan ang hindi magmalio
sa guitna nang gayong hirap at hilahil,
nġuni,t, ang bayaning lubhang matiisin
dusa ay hindi man lamang naidaing.

Capag dinadatnan anomang balisa
sa lanġit na lamang siya umaasa,
sa sariling loob ay ang uica niya
«Maguing bayad naua sa lahat cong sala.»

Napagtanto mo na, bumabasang liyag
ang cay Eliseo na causap-usap,
caya naquilala,i, siya ang nagligtas
sa lubhang daquila na pagcapahamac.

Sapagca,t, ang isang pamangquin nang pari,
Valerio ang nġalan ay may panaghili,
doon cay Hortensio,t, ang mula at sanhi
dahil sa dalagang sa iba,i, natanġi.

Sari-saring bagay ipinadadala
nito cay Hortensio,t, natatanto niya,
na ualang mabisang pang-aquit sa sinta
gaya nang mabuting loob na paquita.

Puso ni Hortensio,i, hindi naligalig
sa mapulang pisanġi,t, malagquit na titig,
at maputing noong capilas nang lanġit
nang isang babaying nġala,i, Eduvigis.

¡Oh diamanteng pusong ualang casing tigas
at quincusa na,i, ayao pang pumayag!
nġuni,t, ¿ano caya,t, tila nabaligtad
ang dating ugali nang sa mundong lacad?

Ang bato balani ang siyang lumapit
lumapit sa bacal na di co ma-isip,
¿ano caya itong hiuaga nang lanġit,
hindi mapaghaca nang pantas na bait?

Isang arao nġani ay parang nagtipan
itong si Hortensio,t, ang dalaga naman
sa bahay na isa,t, nagcasalitaan
nang tungcol sa mundong manġa cahirapan.

Sa aming babayi, ani Eduvigis
ay loualhati nang panġalauang lanġit,
ang cami tumama lalaquing mabait,
marunong dumamay sa hirap at saquit.

At cung mayroon pa sa sang maliuanag
na isang lalaqui na iyong catulad,

ó ibang Hortensiong asal na banayad
maisan-isban ang tindi nang hirap.

Pagca,t, ang Hortensiong aquing capanayam,
uala manding aua sa boo cong damdam,
sa mauica ito mata,i, itinunghay
dito sa ulilang nagcacamamanghan.

Sa salitang ito,i, biglang namutla
ang buroc na pisanġi nang ating binata,
at ang sumaisip nang lipos dalita
ang babaying yari,i, labis na manuya.

Hindi maniuala ang mababang loob
na sa lagay niya,i, mayroong iirog,
caya sa dalaga,i, ualang isinagot
cundi «sucat na po ang iyong pag-ayop.»

Sa oras na ito ay siyang pagdating
niyong si Valeriong sa paring pamangquin,
ito,i, may pagsinta na laong inangquin
sa cay Eduvigis babaying butihin.

Isang bagong tauong marinġal ang ticas
magandang lalaqui,t, marahang manġusap,
manġa panucala,i, lubhang matataas,
at ang pananamit ay nacagugulat.

Sa yama,i, sagana, malacas, matapang,
ualang panġalua sa binatang tanan,
laguing tinatanghal sa manġa lansanġan
sapagca,t, bihirang tumira nang bahay.

Ang tabas nang muc-ha niya ay mahauas,
at saca ang puti ay lubhang matingcad;
nġuni,t, maganda ma,i, parang nalilimbag
ang capalalua,t, pagcabudhing sucab.

Ualang hindi siya pinaghimasucan,
na sinalicsic ang sa ibang buhay;
ang malicsing bibig hindi nanġanġalay
sa puri nang capoua niyong paghahapay.

Hindi bibihira ang nanġatatacot
sa malicsing dilang ualang munting pagod,
naguguniguning matalas pa halos
sa talim nang tabac talagang panghamoc.

Mapusoc na loob hindi mapasucan
nang hatol na dapat sa ganoong asal,
tanang camag-anac pauang naninimbang
dito sa binatang lubhang tampalasan.

Masiglang cataua,i, hindi nagsasaua
sa ugali niyang magpagalagala;
ang manġa casama,i, lalong nagpalalá
sa caniyang asal na dating masama.

Pagdating nang gabi,i, hindi linilisan
ang taglay touinang matulis na puñal;
paglilibot niya,i, pinaglalamayan,
saca ang pagtulog naman ay sa arao.

Ito,i, nanibugho,t, acala,i, ninibig
yaong si Hortensio sa cay Eduvigis,
at sa salitaan siya ay lumapit
catulad nang isang tauong ualang bait.

Nag-uualauala,t, nang di mahalata
ang lihim na galit na taglay nang diua;
nġuni,t, sa caniyang quilos at salita
ang sucac nang puso,i, mapag-uunaua.

Si Hortensio naman at si Eduvigis
sa pagdating niya,i, hindi na umimic,
na siya pang lalong na ipinagnġalit
nang naninibughong haling sa pag-ibig.

Dito na nag-isip itong alibugha
nang cay Hortensio ang icapanĝanyaya,
hindi nanĝilabot ang sariling diua
magnasang lasunin ang caaua-aua.

Lihim na sinabi sa cay Eliseo
nang may budhing sucab nĝala,i, si Valerio
ang lihis na nasang udioc nang demonio
pagca,t, malaon nang sila,i, magcatoto.

Nahambal ang puso nang pinagsabihan
caya,t, cay Hortensio sinabi ang bagay:
icaoy ay lalasunin niyong tampalasan
at sa panibugho yata ang dahilan.

Dito na lumayo ang ulilang aba
sa lilong Valerio hayop ang camuc-ha,
talaga nang lanĝit at malaquing aua,i,
sa cuco nang ganid di napanĝanyaya.

Nagmula na rito ang pag-iibigan
nang dalauang laguing magcasalitaan
ang canilang puso,i, pinag-isang tunay
parang magcapatid ang nacacabagay.

Hindi man ugali nitong si Hortensio
ang siya,i, magtanim sa sinoman tauo;
gayon ma,i, nanĝilag sa nanĝinĝimbulo,
at di na minarapat na gauing catoto.

At si Eliseo naman ay gayon din
sa lilong Valerio,i, tantong narimarim;
na hindi mangyari cahima,t, pilitin
ang may asal hayop na gayo,i, guiliuin.

CAPÍTULO VI.—*Ang uliran nang manĝa dalaga.*

Páhiná 34

Ugali nang tauong maganda ang asal
sa may dalang hapis puso,i, nahahambal,
caya si Hortensio,i, tambing napaalam
sa nagcacalinĝa. Ganito ang saysay,

Houag pong magdalang cagalitan nĝayon,
at ang pag-alis co,i, hindi malalaon,
aquing sasamahan ang nalilingatong
na si Eliseong catoto cong bugtong.

Pinahintulutan siya sa pagpanao,
sa pagca,t, mabuti ang nasa at pacay;
nĝuni,t, nagdamdam din ang pari nang lumbay
dahil sa daquila niyang pagmamahal.

Nagcasama nanĝang parang magcapatid
itong si Hortensio,t, Eliseong ibig;
mana,i, isang hapo,i, canilang na-isip
na pa sa vintana,t, mag-alio nang dibdib.

Nagcataon naman siyang pagpapasial
sa jardin nang isang dalagang timtiman,
hindi sumasala yaong paglilibang
capag malapit nang lumubog ang arao.

Sapagca at hindi nalalayong lubha,
cun caya,t, naquita nang manĝa binata,
nagcaca-abutang suliap sa vintana,
di lamang macuha ang pagsasalita.

Ang tinatahanan ay calugod-lugod
libid nang halaman sa harap at licod;
ang ibig pumitas hindi mapapagod
mula sa vintana bunĝa,i, na-aabot.

Nagbibigay alio sa pusong may sindac
ang balabalaqui na manĝa bulaclac,

Páhiná 35

sa dacong umaga,i, cung namumucadcad
ang cahalimbaua,i, ang lupang mapalad.

Ang babaying ito,i, di lubhang maganda
dapoua,t, mayroon sucat icapuna,
masaya ang muc-ha,t, ang hinhin nang mata
ay cagalang-galang sa macacaquita.

Labi ay mapula sa pisanĝi may lunal,
ang tubo nang buhoc sa noo,i, mahusay,
catauang butihin ay bagay na bagay
sa catoua-touang maliit na bayuang.

Ang hubog candilang caniyang daliri
ay parang sinadya nang pagcayari,
nĝuni,t, ang lalong nagbigay uri,
ang cabanayara,t, buti nang ugali.

Bhirang manĝusap at ang catabilan
malayong-malayo,t, quinayayamutan;
gayon ma,i, cung mayroon siyang capanayam
ang saya nang loob ay pinatatanao.

Maminsan-minsan lamang namintana,
ang catahimica,i, siyang laguing nasa:
at cung may pumanhic na manĝa binata
ay di maitunghay ang mata sa hiya.

Lalabing anim pa hustong cabilanĝan
nang caniyang taon na linalacaran,
na cun sa bulaclac cabubuca lamang
bagong calilipat sa cadalagahan.

Sucata cauliha,t, lubhan matatamis
lahat nang caniyang manĝa buchang bibig,
mabini ang quilos na naca-aaquit
sa ibang dalagang palaring tumitig.

Hindi mayamuti,t, mababang manĝusap,
mapagbigay loob sa quinacaharap,
minsan man ay hindi narinig pumintas
cahima,t, sa tauong may loob na sucab.

Loob ay di hilig sa pagmamariquit,
magsoot nang madla,t, mahalagang damit:
sa catauan niya,t, ualang masisilip
cundi caraniuan lamang at malinis.

Sapagca,t, di taglay ang palalong nasa
nang ibang dalagang matanĝi sa madla,
na cung magcagayo,i, ang boong acala
pupulot nang puri,i, hindi pala,t, pula.

Nĝuni,t, ang ugali niyang pananamit
ay cauili-uili sa baua,t, tumitig,
yaong caayusa,t, palaguing malinis
larauan nang caniyang dalisay na dibdib.

Taglay na palagui ang magandang loob,
cahiman at duc-ha,i, hindi inaayop,
ang pag-ibig, niya ay lubos na lubos
di sa bibig lamang at sa puso,i, taos.

Sa mag-uumagang tila nag-aaay
ang ulap nang dilim at caliuanagan,
unang tutunĝuhin yaong pag-aalay
nang cay Jesucristong dugo at catauan.

At sa bahay nitong lumic-ha nang lahat
tantong nauiuili yaong pusong uagas,
ang pagsinta niya,i, lalong nag-aalab
na cung mangyayari,i, doon ay lumagac.

Muli,t, muli niya na iniluluhog
ang icagagaling nitong isang sinucob,
na inihahadlang sa galit nang Dios
ang sa anac niyang dugong ibinuhos.

Saca ihahain ang cataua,t, buhay
Sa napapalihim na anyong tinapay
 at bago aalis nang boong pag-galang,
 mahinhing uui sa caniyang bahay.

Cung na sa bahay na,t, iyong mapanood
 yaong paglilinis niya,t, pag-aayos,
 ay mauiuca mo sa sariling loob
 ito ay babaying sa iba,i, nabucod.

At cung maquita mo yaong casipagan
 niyong pananahi at paghabi naman,
 baca mo sabihin ito ang matapang
 babaying pinuri ni Salomong paham.

Ito,i, siyang bunġa nang laguing paglapit
 sa mahal na dulang na piguing nang Lanġit,
 cung caya ang diua,i, lagui nang tahimic
 mahinhin ang asal na caibig-ibig.

Cabaitang ito,i, napag-uunaua
 nang na sa bintanang dalauang binata,
 at ang isa rito,i, malaon nang lubhang
 nag-inġat sa puso nang lihim na nasa.

Dili iba,t, ito ay si Eliseo,
 caya nġa,t, nag-uica dito cay Hortensio:
 ¿sa dalagang iyan ano ang uica mo,
 iibiguin baga ang abang lagay co?

Napanġiti muna,t, mata,i, itinunghay
 nitong tinatanong, at saca nagsaysay:
 panainġahan mo yaring casagutan
 at hatol nang isang matandang datihan.

CAPÍTULO VII.—*Ang pagpili nang cacasamahin*^[5] at ang mabuting paraan nang nangyaring macamtan.^[6]

Niyong dacong arao cami,i, nag-uusap
 para-parang batang casiglahang lahat,
 may isang matandang tambing naquisabad,
 aqing sasabihin ang ipinahayag:

«Manġa bata, aniyang aqing guilio,
 ang magandang palad nasa sa atin din,
 sapagca,t, cung ano ang punla,t, pananim
 ay siya ring bunġa namang aanihin.

Nġayo,i, panahon na dapat na magpunla,
 cayo na nġang lahat nang mabuting gaua,
 nang upang maputi ang catoua-toua
 matamis na bunġa sa bayang payapa.

Mana ay sumagot ang isa sa amin
 ang ituro ninyo,i, cung anong magaling
 paraang marapat na alinsunurin
 tungcol sa pagpili nang cacasamahin.

Sagot nang matanda ay maraming bagay
 diyan sa pagpili na dapat tandaan,
 nang di lumalauig ay atin nang lisan
 ang hindi totoong manġa cailanġan.

Houag maniuala sa balibalita
 na ang caraniua,i, cabulaanang paua;
 gayon ma,i, sa lagay nang nagsasalita
 ang catotohana,i, mapag-uunaua.

Cung saca-sacaling cayo,i, may mamasdan
 na isang dalagang mahinhin ang asal,
 houag mabighani mana capagcouan
 hangang di mauri ang catotohanan.

Ang balang babaying maraming salita

caraniua,i, tamad ualang guinagaua,
at ang mapintasin ay lalong masama
sa pinipintasan siya caipala.

Capag nagsabi dalagang sinoman
nang sarili niyang manġa cailanġan,
ay isa nang tanda nang capalaluan,
malupit na ina nang casamang tanan.

At cung batiin man ay ayao sumagot
ay tandaan ninyong ang tono,i, matayog,
ang naghihicab nama,i, pala-antoc
na ualang adhica cung hindi matulog.

Capag ang dalaga,i, madaling pa oo
ay tandang maraming lubhang catrato,
ang mahinanacti,i, itatanġi ninyo,t,
may lihim na sinta at malaquing gusto.

At capag sa gabi,i, ang ulo,i, may bigquis
houag maniualang tunay na may saquit,
ang dahilan nito,i, tantong naiinip
at di dumadating ang toua nang dibdib.

Saca ang dalaga na taua nang taua,i,
ibig nang totoong macapag-asaua,
cung aling binata ang pinagmumura
ay siya cung minsang bubugbog sa caniya.

Dapoua,t, ang ayao na maquipanayam
at cung sumagot ma,i, nagmumuc-hang calan,
ay hindi malayo na mapagculian,
sinintang sandali,t, saca inayauan.

Páhiná 40

Ang gayong babayi ay nacacataua
na tila aayao na totoong tumugpa;
nġuni,t, cung lumao,t, tumandang dalaga
caraniua,i, bao naguiguing asaua.

Sapagca,t, ang dapat sila,i, tumahimic
capag tumanda na,t, sa bahay lumigpit
harapin nang lubos ang santong pag-ibig
at ang paglilingcod sa Hari nang lanġit.

Ipalagay nating maganda ang ticas,
mabait, mahinhi,t, ualang ipipintas;
nġuni,i, ang dapat namang matalastas
cung sa inyong hiling caya ay papayag.

Caya cailanġang inyong maunaua
ang manġa paraang mabubuting paua,
at uala munti man na cahalong daya
ganito ay dinguin nang manġa binata.

Iyong dadagdagan ang paquitang loob,
susunod na tambing sa balang iutos;
paca-iinġatan ang iyong icapopoot
at ang pagpipilita,i, ang icalulugod.

Laguing huhulihin ang caugalian,
cun baga,t, may galit houag lalapitan
nġuni,t, ang babayi,i, may caugalian
cahit umiibig conoua,i, aayao.»

Hindi na napiguil biglang napataua
ang hinahatula,t, nag-uica pagdaca:
«ġdatihang matanda,t, lubhang dulubasa
dapoua,t, ang iba,i, dagdag mo na tila.»

Sagot ni Hortensio,i, catoto cong liyag,
ġbaquit baga icao ay nanguiguilalas?
tauo,i, tumatanda,i, dapat matalastas
ang caliu,t, canan nang sa mundong lacad.

Páhiná 41

Datapoua,t, nġayon atin nang tapusin
ang lahat nang bagay na dapat mong gauin,
cung baga sacali,t, iyo nang malining

na may daan ca nang sucat pasuquin.

Taunin mo siyang mabuti ang loob
saca mo lapitan nang galang na puspos,
bago mo sabihin ang iyong pag-irog
ay macaitlo ca munang maghimutoc.

Nġuni,t, nauucol iyong pag-inġatan
ang masamang anyo,t, quilos na mahalay
gaya nang ugali nang hindi nag-aral
at ualang inimpoc na magandang asal.

Pag-ayusin naman ang pagsasalita
sa dalagang iyan,nang di ca malisiya,
sapagca,t, ang tauo,i, sa gaua at uica
mapagquiquilala ang may turo,t, uala.

Cahit natatanto na may capintasan
sinomang binatang nagnanasa naman,
ay houag sabihin nang hindi mahapay
ang puri nang capouang dapat pag-inġatan.

Hindi natin tanto na cung tayo pa nġa
sa mata nang Dios ang lalong masama;
caya cailanġang piguulin ang dila
nang houag manġahas sa iba,i, pumula.

Di dapat saysayin ang yamang sarili,
sapagca nġa,t, ito ay pagmamapuri
bagcus na ilihim na cung mangyayari
ay ipagcaila cung baga,t, masabi.

Dapoua,t, houag acalain naman
na ang iyong nasa,i, agad aayunan,
at macalilibong naca-iibig man
di caraca-raca ay magpapamalay.

Sapagca,t, totoong malaqui ang hiya
cung caya aayao na magpahalata,
at baca uicain nang masamang dila
sila sa lalaqui,i, nagcacandarapa.

Sa madlang paraan na sinabi co na
cung baca sacali,t, di mo rin macuha,
aco ay mayroon na ituturo pa,
cagalinġan nito,i, mahiguit sa una.

Cundi mabighani ipalagay natin
sa muli,t, muli mong himutoc at daing,
ang maraming pagod houag nang sayanġin
sapagca,t, ang ayao di dapat pilitin.

Cundi gumanito, ay matutulad ca
doon sa nagtanim nang isang sampaga,
ang lahat nang daho,i, naquita nang lanta
cung anong dahil at dinidilig pa.

Ani Eliseo,i, tila cailanġan
na ang ating gauin muna ay sulatan,
Sagot ni Hortensio,i, mangyayari naman
sa lahat nang bagay quita,i, tutulunġan.

Sa oras ding yao,i, tambing isinulat
ang cay Eliseo na sa pusong inġat
saca nang mayari,i, cusang iguinuad
sa caniyang catoto,t, baca may pintas.

Marahang binasa nitong caibigan,
baua,t, isang letra ay pinagninilay,
sa sobre nang sulat ay nababalatay
ang ganitong uica: *Sa tinatanġisan.*

«Magpahangan oras na tanġan sa camay
«ang plumang lumagda nitong carainġan,
«iniisip co pa cung aquin nang taglay
«yaong catutubong limang caramdaman.

«Sa pagca,t, touinang pilitin ang dila
«na ipasalual ang lihim na nasa,
«parang tumatapon sa aquin ang diua
«at di co macuha ang pagsasalita.

«Danġang nanġanġanib baca magtumulin
«tacbo niring buhay patunġo sa libing,
«mag-ulol ang unos nang madlang hilahil
«at sa dalamhati hininġa,i, maquitil.

«Caya mabalinong daluyan nang aua
«itong lumuluhog na napacaaba,
«gutom sa ligaya,t, busog sa dalita,
«mata ay uala nang ipatac na luha.

«At cung mangyayaring sa iyo,i, igauad
«ang lahat nang toua sa sang maliuanag,
«disi,i, inihandog sa mahal mong yapac
«calaquip ang aquing tunay na pagliyag.

«Dapoua,t, yayamang ualang maihain
«cundi yaring pusong tiguib nang hilahil,
«isinasamo cong iyong marapatin
«sapagca,t, di bual nang lanġit ang daing.

«Iyong paglubaguin matigas na loob
«para nang pagsaguip cung sa nalulunod,
«icaoy ay may puso,i, ġbaquit di malunos
«sa capoua puso na naghihimutoc?

«Di co calauigan ang hinibic-hibic
«yamang dili bato ang mahal mong dibdib;
«gayon ma,i, cung lalong hirap ang icapit
«mangyaring sabihi,t, nang aquing mabatid.»

Ang iyong alipin na suma sa yapac.

Iya,i, ma-aari, cay Hortensiong uica;
nġuni,t, caraniua,i, lampas ang salita,
gayon ma,i, sa sobre ipasoc mo na nġa
saca ipadala sa isang alila.

Páhiná 44

CAPÍTULO VIII.—*Ang pusong garing na di malamuyot.*

Nagcataon namang doroon sa jardin
ang bunying dalaga na may pusong garing,
ang sariling diua parang inaalio,
sa tanang bulaclac at simoy nang hanġin.

Siyang pag-aabot nang naturang liham
sa parang linalic at maputing camay,
quinuha at saca tumanong pagcouan:
ġsino caya baga ang pinangalinġan?

Basahin po ninyo upang matalastas,
uica nang alila, cung sinong may surat,
ang pagcatinġin co,i, sa puso,i, may sugat
at ang ninanasa marahil ay lunas.

Agad napanġiti at di napiguilan
niyong catutubong bait, cahinhinan,
sa malaquing hiya,i, tumunġo na lamang;
pinunit ang sobre,t, binasa pagcouan.

Sa calaguitnaan nang pagbasa niya
sandaling tumiguil nagmasid pagdaca,
at baca sacaling may nacacaquiquita,
caucaan niya,i, cahiyahiya pa.

Mana,i, nang matapos pagbasa nang surat
sa puno nang cahoy humilig na agad,
na larauang bato ang nacacatulad:
ganito ay dinguin manġa panġunġusap.

«Mundong sinonǵaling, sumandaling layao,
 «touang sa sangquisap, asóng mapaparam,
 «lumayo ca hayo,t, ualang cararatnan
 «sa aquin ang iyong camandag na alay.

«Caranǵala,t, yaman agad cumucupas,
 «tulad sa sampagang biglang nalalagas,
 «isinusumpa cong di ca matatangap
 «niring aquing pusong dili pabibihag.

«Malicmatang ganda,t, balo-balong diquit,
 «magdarayang touang may paing panǵanib,
 «magbago cang hanay at di mahihilig
 «aco sa ligayang puno nang ligalig.

«Mahabaguin lanǵit, iyong tinutunghan
 «acong na sa guitna nang casacunaan,
 «mahina cong lacas iyong saclolohan
 «nang upang matamo ang pagtatagumpay.

«At icao, o Virgeng matibay na cuta,
 «sa baua,t, dumulog na napa-aa,ua,
 «sa mahal mong puso,i, nagtatagong cusa
 «itong alipin mong napacacalinǵa.

«Sa harap co,t, licod sa caliu,t, canan
 «nagcalat ang silo nang lilong caauay,
 «cundi mo amponi,t, anong cararatnan
 «niring catutubong aquing cahinaan.

«¿Mangyayari caya namang paghatiin
 «yaring aquing puso,t, papagdalauahin,
 «ang isa,i, ibigay sa Nacop sa aquin,
 «at ang icalaua,i, sa may sintang hain?

«Cayong sari-saring naritong bulaclac,
 «ang sinasacsi co nitong panǵunǵusap,
 «na sucdang maguho ang sang maliuanag
 «di co dudunǵisan yaring pagca-uagas.

«Sucdan sa madurog magcauaray-uaray
 «ang laman at buto nang aquing catauan,
 »cay Jesus cong poon aquing iaalay
 «ang libo mang puso,t, ang libo mang buhay.

«Cung pag-uariin co,t, timbanǵin sa isip
 «ang lahat nang yaman nitong sandaigdig,
 «sa dalagang buhay at inǵat na linis
 «alanǵang di palac na ipaquiparis.

«Icao, camatayang aquing iniirrog,
 «baga man sa iba,i, caquilaquilabot,
 «gamitin mo hayo tabac na pang-lagot
 «pagca,t, ang nasa co,i, hiniǵa,i, matapos.

«Cung gunitain ca,i, iquinalulumbay
 «nang pusong alipin nang samundong layao,
 «nǵuni,t, cung sa aqui,i, quita,i, minamahal
 «at inaanantay ca sa gabi at arao.

«Camatayan lamang ang nacapipinid
 «sa aqui,t, sa Poong ligaya nang dibdib,
 «icao,i, siyang uacas nang dalita,t, saquit,
 «at mula nang toua na hindi malirip.»

Sa mauica ito,i, tambing na linisan
 ang masayang jardin na dating aliuan,
 binalot nang paño ang binasang liham
 at saca nagtuloy pumanhic sa bahay.

Pagca,t, binaui na sa sang maliuanag
 nang arao ang huli,t, malamig na sinag;
 saca unti-unti namang nacacadcad
 ang tabing sa gabing maitim na ulap.

Nang macapanhic na ang bunying dalaga
 umupo sa sillang malapit sa mesa,

tintero,i, binuhat, guinamit ang pluma,
sinagot ang sulat ganito ang badya.

«*Sa may sintang handog.*»

Páhiná 47

«Houag mong hanapin, sa imbi cong sulat
«ang maranghang tula nang manĝa poetas
«ualang talinghaga aco cung manĝusap,
«dati cong ugali,i, magsabi nang tapat.

«Averno,t,^[7] Olimpio^[8] hindi maquiquita
«sa titic nang aqing maralítang pluma,
«gayon si Apolo,t,^[9] masayang musa
«sucat ang matanto ang ipagbabadya.

«Ligaya sa mundo ang iyong panĝaco
«igauad sa aqing tumatanĝing puso,
«dalisay na sinta,t, tunay na pagsuyo
«nĝuni,t, ualang daan ang iyong pagsamo.

«Tahas na nica cong bilang pahimacas
«na di magmamalio, buhay ma,i, mautas
«at cung uulitin ang hinĝi co,i, tauad
«ito,i, mabuti ring iyong matalastas.

«Madla na sa aquin ang nagsipagsaysay
«nang tungcol sa sinta na gaya mo naman;
«nĝuni,t, tiniyac cong anomang caratnan
«dili matatangap niring calooban.

«Pagca,t, malaon nang tinica nang diua
«na aqing lisanin ang sa mundong daya,
«at sa isang silid na lubhang payapa,i,
«maglingcod sa Hari nang lanĝit at lupa.

«Hanganan co rito,t, dapat nang mabatid
«na ang iyong nasa,i, camandag sa dibdib:
«Pag-utusan naman itong nagnanais
«mabilang sa tanang lingcod mo at cabig».

Páhiná 48

Ang taguisuyo mo.

Ano,i, sa mayari,i, biglang isinara
nang bunying dalagang nĝala,i, Eufrasia,
saca sinutsutan ang alilang isa,
cusang ibinulong ang pagpapadala.

¿Anong loob caya itong nag-aantay
na pilit lalasang nang malaquing lumbay?
mana,i, sa mabasa ang may lasong liham
limang buan halos na umotay-otay.

Sa nagpipighati,i, marahang nag-uica
yaong si Hortensio,t, malaqui ang aua
aco sa lagay mo,i, nagtatacang lubha
ang dating ugali,i, tila sinisira.

Bayani mong loob cusang napatalo
sa dahas nang sintang iquinagugulo,
iyong linilimot sampong pagca tauo,
anaqui,i, uala nang babayi sa mundo.

Pag-uari catoto,i, dili yata dapat
na ang buong puso,i, lubos na pabihag,
at siyang isipin sa lahat nang oras
ang di nabighani sa iyong pagliyang.

Gayon ma,i, mabuti ang iyong parunan,
baca hari na nĝang siya,i, malunusan:
isang gabi nĝani pinagsadya naman
pagsunod sa hatol nitong caibigan.

Tinangap din siya nang magandang loob
bagaman sa nasa,i, ayao pahinuhod,

Páhiná 49

anyong sasabihin ang haing pag-irog
mahal na dalaga,i, tambing na sumagot.

Banta co,i, sucat na ang catagang uica
sa isang gaya mong marunong maghaca;
doon pa sa sulat dapat na maunaua
ang aquing pag-ayao, yamang di ca bata.

Sa pagcacagayo,i, hindi nacaquibo
itong sumisinta,t, parang ipinaco,
mata,i, itinunĝo, at ang quinucuro
ang cahalay-halay na pagcasiphayo.

Dalaga ay parang naacay nang habag
sa cay Eliseo,i, tambing na nanĝusap:
puso,i, itahimic houag mabagabag:
¿anóng magagaua ay hindi mo palad?

Ang nangyaring yao,i, parang di pinansin
at sa ibang bagay cusang inahinguil
yaong salitaan, at nang di mailing,
malubos ang hiya at pagcahilahil.

At ang uica niya,i, ang tauong mahiya
dapat cahabagan at caua-aua,
baga ma,t, di ibig ayunang ang nasa
nang houag malubos ang pagdaralita.

Mapamayamaya,i, parang natauhan
ang naabang sintang tumangap nang ayao,
sa caniyang puso,i, nanariua naman
ang hatol nang pili niyang caibigan.

Yaong si Hortensio, ang uica sa aquin,
ang talagang ayao ay houag pilitin
at baca matulad aco sa nagtanim
nang halamang lanta ay dinidilig din.

Inari lamang tunay na capatid
ang di nabighani sa suyo,t, pag-ibig,
sa sarili lamang nihang pag-iisip:
¿Anong gagauin co,i, di loob nang lanĝit?

Yayamang hindi mo aco capalaran,
uica nang dalaga, quita,i, tuturuan
«magmula na rito ay icao,i, bumilang
at sa icaualong bahay ca humangan.»

Páhiná 50

CAPÍTULO IX.—*May dalahirang banayad at may mahinhing talipandas.*

«Sa bahay na yaon ay may magcapatid
dalauang dalaga unahan nang diquit,
aquing sasabihin nang iyong mabatid
ang cani-canilang ugali at hilig.

Ang bilang panĝanay nĝala,i, Esperanza,
malouag ang loob na ualang balisa,
cataua,i, magaan at lubhang masigla
ang ano mang hirap inaalintana.

Sa caniya,i, uala munti mang bagabag
parang namamayan sa lupang mapalad,
sa capoua tauo,i, lubos ang pagliyang
inaari niyang capatid na lahat.

Ang mumunting sira ay pinaraan,
hindi alumana cahit masahol man,
dunong na mag-inĝat sa capahamacan
nang paraang sucat na macahahadlang.

May magandang nasa, at ang panaghili
ay di man sumunĝao sa pinto nang budhi,
mababa ang loob na di caugali
ang nacacatulad isang batang munti.

Cung maquita niya sino mang may hapis
ang luha sa mata,i, dadaloy na pilit,
at di pa magcasiya sa habag ang dibdib
ang tulong at linġap agad icacapit.

Nġuni,t, cung sacali nama,t, ang mamasdan
ay ang nagtatamong toua,t, capalaran,
puso,i, lumulucso sa caligayahan,
iquinalulugod ang sa ibang danġal.

Sa cay Esperanza,i, ualang masisilip
na hindi mabuti at ugaling panġit
liban sa salita nang masamang bibig
na ang cahinhina,i, nagculang nang muntic.

Sapagca,t, sa loob na lubhang masaya
at magaang bibig sa balang maquita,
ang naguiguing dahil ipula nang iba
dito sa uliran nang manġa dalaga.

Capatid na bunso nġala,i, Eduvigis,
tintimang babayi, anaqui,i, tahimic,
at sa silid niya,i, laguig lumiligpit
anopa at parang buhay, taga lanġit.

Yaong cagaslaua,i, malayong malayo,
at ang cahihina,i, parang catutubo,
ang lahat nang quilos mabini at uasto;
nġuni,t, hindi gayon ang lagay nang puso.

Ang manġa salita,i, hindi nasisinsay
sa iguinuguhit nang magandang asal,
dili maibiguin lumabas nang bahay
at cung sacali ma,i, tunġo,i, sa simbahan.

Caya,t, sa caniyang isip, uica,t, gaua
ualang ipipintas, mabuting paua,
sampo pa nang tanang manġa binabanta
nġuni,t, nalilihim ang nacasasama.

Sapagca,t, ang boo niyang pagca-isip
ay caniya na lamang ang tanġing matouid:
ang sa ibang uica cung baga,t, marinig
cahit di masama ay minamapait.

Ang quilos nang iba cahit hindi mahalay
ay minamasama,t, quinamumuhían,
ang caniyang haca ay siya na lamang
babaying nabucod sa sang sinucuban.

Ualang puno,t, mula biglang napopoot
ang babaying itong cabanala,i, bantog,
lahat nang marinig iquinababagot,
at hindi macuhang magtipid nang loob.

Baquit lubhang hilig sa pagtataniman
ang dalagang bunyi cung sa cabaitan,
ang muc-hang payapa,t, quilos na tintiman
di taglay sa puso,t, paimbabao lamang.

Sucacat masuclam ang macamamalas
capag-nagagalit mata,i, nagnininġas,
at uala mang quibo,t, hindi nanġunġusap
ay daig ang tanang halimao sa gubat.

Nġuni,t, ang lalong camandag sa budhi
ang siya,i, magcusa na unang bumati,
ito,i, catutubong caniyang ugali
na inaari pang caranġalang tanġi.

Capag nangyayari ang nasa at ibig
muc-ha,i, maligayang parang taga lanġit;
nġuni,t, pag hindi na,i, agad magnġingitnġit
at ualang demonio acong maiparis.

Magandang ugali,i, agad mabibiling
sisinġao na pilit ang casamang lihim,

ang capalaloua,t, pagca-masumbatin
at saca ang nasa na siya,i, purihin.

Páhiná 53

At cung sacali pa,t, mayroon umayo
lalong mag-uulol ang malaquing labo,
at ang paimbabao na hinhing palalo
ay di na maquita,t, cung saan nagtago.

Lubos sa uari co,i, ang nacacabagay
ay tubig sa laua cundi guinagalao,
anaqui ay bubog na lubhang malinao,
nĝuni,t, ang ilalim ay carumal-dumal.

Itong magcapatid alit ang ugali,
caya sa dalaua icao ay mamili,
nang houag sisihin aco cung sacaling
mapalisiya ca sa iyong pagpili.

Ang cay Eliseo na ipinagturing
aco,i, uala riang itulac cabiguin;
ang isa,i, masaya,t, ang isa,i, mahinhin;
nĝuni,t, ang panĝanay yata ang magaling.

Cung gayon ang uica nitong capanayam,
icao ang bahala nang upang macamtan;
ang isa cong bili,i, pacatatandaan
sa paquiquisap ay magpacarahan.

CAPÍTULO X.—*Ang catampalasanan ni Neron at ang matandang mangagauay.*

Mana,i, sa matapos yaong salitaan
ay si Eliseo,i, umoui nang bahay;
agad sinalubong mula sa hagdanan
nang parang capatid niyang caibigan.

Di agad tinanong muna ang nasapit
nitong si Hortensiong may inĝat na bait,
niyang cumain nang macapagbihis
ang parang nagdaan sa landas na guipit.

Nang cumacain na,i, napagsalitaan
yaong sa cay Nerong catampalasanan;
ang bagay na ito,i, tiquis na binucsan
nang ang nagugulong loob ay malibang.

Páhiná 54

«Ang lilong si Neron, uica ni Hortensio,
cung sa calupita,i, pang-ulo sa mundo,
sampo nang asaua^[10] ay pinatay nito
si Burro,t, Séneca^[11] at si Británico.^[12]

At inibig niyang ang sang catauohan
ualang maguing ulo cundi isa lamang,
nang sa minsang taga,i, mapucsang paminsan
ang lahat nang tauo sa sang sinucuban.

Tila nacucutya ang manĝa dila co
tumauag sa gayon nang panĝalang tauo,
cundi isang Furiang galing sa infierno,
sunĝay ang corona na putong sa ulo.

Ito,i, Emperador sa Romang calac-han,
cuhila,t, mabagsic, daig ang halimao,
may alilang tigreng pinacamamahal,
na catulad niya cung sa cabanĝisan.

Febea sa tigre ang ipinamagat
nang capoua tigreng may coronang hauac,
laguing guinagamit nitong lilo,t, sucab
sa manĝa cristiano nang pagpapahirap.

Sapagca,t, si Nero,i, malupit na ganid
na uala munti mang aua at pag-ibig,
cung caya ang puso ay doon nahilig

Páhiná 55

sa capoua niyang hayop na mabanġis.

Nġuni,t, ano caya, sagot nang causap,
ang napala niya,t, anong naging uacas
niyong gayong asal, puso,i, nagagalac
pumatay nang tauo,t, laguing magpahirap.

Sa palaciong bantog nang lilong si Pluton^[13]
caloloua niya ay doon humantong,
ang hirap, dalita, pighati,t, lingatong
laguing linalasap nitong tauong pusong.

Di maca aalis magpacailan man
ang Can-Cerbero,i,^[14] bantay sa pintuan
ang balang pumasoc pinababayaang,
nġuni,t, ang paglabas ay ibinabawal.

Ang Can-Cerbero ay may tatlong ulo,
at pauang serpiente yaong balahibo,
ualang casing banġis na ang cagat nito
ay nacatataos sa utac nang buto.

Sa tabing Estigia,i,^[15] doon nagtatanod,
tanicalang ajas siyang nacagapos,
ito ang tinalo niyong semi-dios
anac ni Jupiter, Hércules^[16] na bantog.

Páhiná 56

Ang sinomang tauo,i, dapat quilabutan
sa dalitang hindi masayod na turan,
ang lalong-lalo na tanang tampalasan,
catulad ni Neron niyong nabubuhay.

Ani Eliseo,i, may isang matanda,
Bárbara ang nġalan lubhang solipica,
na cay Eufrasiang tunay na alila,
ang muc-hai,i, masunġit, baquit sadyang tina.

Maputi ang buhoc, madilim ang noo,
matulis ang cucong parang alimanġo,
nġipi,i, sincol-sincol, at cung may catalo
mata,i, nanlilisc, daig ang demonio.

Ang caniyang ulo naman ay mahaba,
tainġa,i, piing-piing na parang sinadya,
muc-hang mangagauay, pagca,t, ualang baba
quinatatacutan nang lahat nang bata.

Mainġay ang bibig na tila pacacac,
anaqui ang dila,i, puno nang camandag
loob ay sucaban, ualang pagtatapat,
saca cung maupo ang tuhod ay yacap.

Sa gayong catanda ay lubhang masiba,
laguing nagbubuncal siya sa cusina,
nagdadahandaha,t, baca mahalata
nang manġa casama na capoua alila.

Ualang quinausap na di nacaauay,
ang balang maquita ay pinipintasan,
damit sa cataua,i, mistulang basahan
at nġunġuyanġuyang parang camatayan.

Hindi co malaman cung saan nunuha
nang ipagtitiis ang manġa casama,
lalong lalo na nġa ang bunying dalaga
na di nababagot sa matandang bruja.

Páhiná 57

At canina lamang aco ay doroon
ay nanġunġuaco at unġol nang unġol,
saca nang utusang pacunin nang apoy
malaonlaon din na nagmuc-hang tuntong.

Aqing napagmasdan anyong malalapit
na ang paa pala,i, tila sa sulyasid,
tatlo ang daliri na nagcacadiquit,
aco,i, napalinġon at di co matiis.

Dahil sa ugali ay aquing nasabi
ito,i, siyang Neron nang manġa babayi,
na uala isa mang guinauang mabuti,
matulis ang dila na parang putacti.

Houag nang litisin ang matandang iyan
pinalalaqui mo ang mumunting bagay,
uica ni Hortensio,t, ang sabihin naman
cung anong nasapit nang iyong pinacay.

Ani Eliseo,i, hindi ninanasa
ang pag-aasaua,t, cusang isinumpa
sa harap nang lalong Mahal at Daquila
ang tica nang puso halos pagcabata.

Gayon man ay aco,i, pinamili niya
sa cay Eduvigis at cay Esperanza,
sila,i, magcapatid hiuaga nang ganda,
at manġa ulila sa ama at ina.

Itong si Hortensio,i, nanġiti nang muntic
at naala-ala niya ang nasapit,
niyong dacong arao na si Eduvigis
nag-asal lalaqui tungcol sa pag-ibig.

Datapoua,t, hindi ibig ipamalay
gayong sa catoto,t, sa tauong sinoman,
cusang inilihim nang di madunġisan
puri nang dalagang nabucod sa tanan.

Bagcus ang sinabi iyo nang tunġuhin
cung sinong lalo mo na minamagaling
nġuni,t, ang hatol co,i, iyong pagliniġin
ang sa habang buhay ay cacasamahin.

Datapoua,t, tayo ay magpahinġalay,
bucas na tapusin itong salitaan;
dalauang binata,i, agad nagtindigan
sa cani-canilang quinaluluclucan.

Páhiná 58

CAPÍTULO XI.—*Ang pagtatagumpay nang cababaan at pagcaduhagui nang capalaluan.*

Bahag-ya na lamang ipinamamalas
nang arao ang muc-ha niyang maliuanag;
ay nangaguisang na itong magcausap,
tila may gagauing hindi nalulutas.

Malicsing nagbihis, nanaog sa bahay,
parang inaalio ang pusong may lumbay,
nag-uica ang isa, catoto,i, pagdaha,t,
ibig cong matanto ang tunġo nang pacay.

Sagot nang tinanong ang aquing pasiya
ay ang piliing co ay si Esperanza,
at si Eduvigis cung iyong macuha
magbibilas tayo na ualang pagsala.

Cung sa ganang aquin, cay Hortensiong uica,
ang bagay na iya,i, di co ninanasa,
tanto mo nang lubos aco,i, maralita
sa isang mataas ma-aalipusta.

Hindi nila tantong may nacaririnig
na dalauang tauong lacad ay mabilis,
nang malalapit na,i, pagdaca,i, nagsulit
binabanta ninyo,i, lisiya sa matouid.

Nahahaling yata, ani Eliseo,
ang ating casabay na dalauang tauo,
¿anong mauauala sa alin ma,t, sino
sa mabuti,i, dili ang ninanasa co?

Nang muling magsulit agad naquilalang

Páhiná 59

isa sa canila,i, si Valerio pala;
uica,i, houag ninyong iraos ang tica
sa cay Eduvigis at cay Esperanza.

Di pa natatapos ang sinabing ito,i,
pagdaca,i, sumagot bunying si Hortensio;
(na parang paglibac sa sucab at lilo)
cami,i, sumusunod sa baua,t, utos mo.

Agad nahalatang siya,i, tinutuya
caya biglang biglang namula ang muc-ha,
puñal ay binunot patain ang nasa
itong si Hortensiong dating inaaba.

Ang casama niya,i, dili macaimic,
pagca,t, natatantong uala sa matouid,
sucab na Valerio ulol ang caparis,
at munti ma,i, hindi nabahirang bait.

Dinaluhong na nãa,t, parang inudyocan
nang sang infierno itong tampalasan,
ang dalauang mata ay binubucalan
nang gahasang apuy niyong cagalitan.

Abang si Hortensio,i, iniuaang agad,
jsalamat sa lanãit siya,i, nacaiuas!;
dalauang casama nama,i, nagmamalas
sa maguiguang hanga niyong paglalamas.

Sa muling pag-ia,i, pagdaca,i, naagao
sa camay nang lilo ang puñal na tanãan,
tuloy inihaguis na pina-ilandang
pang di nagnanasang matay sa sinoman.

Páhiná 60

Nang capoua uala nang sandata,t, naghamoc
dalauang bayaning lumilipad halos;
ang suntoc at sicad caquila-quilabot,
na daig pa mandin ang taga at ulos.

Ang init nang arao di pa dinaramdam
nang pamulan nila itong paglalaban
hangang sa mataas di pa nagtatahan
at nang mag-uauagui dili maalaman.

Ang lacas nang suntoc lentic ang catulad
cahiman at sino,i, pilit magugulat;
at cung ang dugo ma,i, hindi nagdaranac
ay ang pauis naman ang tumatagactac.

Pagtataca,i, labis nang piling catoto
sa naquitang dahas nitong si Hortensio,
na di nagpalalo sa sino mang tauo
ay cung maquihamoc parang ipo-ipo.

Ang caniyang asal, quilos at salita,
sampong pag-iisip niya,t, ninanasa,
ualang cataasan at budhing cuhila,
palibhasa,i, galing sa pusong payapa.

Nasa ni Valerio,i, cumitil nang buhay,
si Hortensio,i, hindi,t, nagtatangol lamang,
di caguinsa-guinsa,i, biglang napipilan
yaong may masama,t, budhing tampalasan.

Saca ang guinaua ay ibinaligtad,
tinampal sa muc-ha,t, binayo nang sicad,
ang boong cataua,i, binugbog nang hampas;
nang di mamihasa sa gauang magsucab.

Itong nagtagumpay na bagong bayani
quinulong nang isang Homerong^[17] magpuri
na bucod sa lacas, catapanãa,t, licis,i,
may uagas na pusong ayao maghiganti.

Páhiná 61

Cung pag-iisip ang tanang guinaua
nitong si Valerio sa ulila,t, duc-ha,
di man camag-anac tutulo ang luha

at acayin din nang gauing maaua.

Ang dalauang ito,i, nang nagcacasama sa bahay nang pari na binanguit co na, gaua ni Valeriong may budhing vivora ang imbing Hortensio,i, laguing minumura.

Sa balang mauala,i, pinagbibintangan ang abang ulilang ualang casalanan, hindi nanġinġimi yaong manġa camay na ang maralita,i, hampasi,t, sugatan.

Sampo nang cacaning ipinacucuha itong tampalasan sa ibang casama, caunting tinapay ang itinitira,t, ang lalong masama ang pinipili pa.

At ang guinagaua na parang aliuan paglibac, pagcut-ya, pag-api,t, pag-uyam dito cay Hortensiong inaalalayan nang daquilang aua ninyong calanġitan.

Tatlong taong sincad binata nang diua ang balabalaquing hirap at dalita, ġbaquit natitiis caya nitong lupa at hindi lamunin yaong alibugha.

ġBaquit, manġa lanġit, at di ibulusoc sa bayan nang apoy, nang doon magduop? at hangang may mundo,t, ang Dios ay Dios yaong pagdurusa,i, hindi matatapos.

Páhiná 62

Iyong inaampon at pinagpapala ang tanang malupit at budhing masama, sa lahat nang bagay pinapagsasaua at ang mabubuti siyang inaaba.

ġOh hindi mataroc na lihim nang lanġit!
ġoh dagat na ualang pangpang mang ó guilid!
ġoh daquilang Dios iyong nababatid
ang lahat nang bagay nitong sandaigdig!

Sa buhay na ito,i, itinutulot mo sambahi,t, igalang ang sucaba,t, lilo; saca sa cabila naman ibubunto ang tanang pahirap doon sa infierno.

Ang tapat na loob pinapag-titiis sa balat nang lupa nang dalita,t, saquit, saca puputunġan sa bayang tahimic nang coronang ualang sucat macauanġis.

Datapoua,t, nġayo,i, ipatuloy co na ang guinaua nitong Marteng panġalaua, sandaling inisip ang masamang tica nang maghihiganting lilong nacabaca.

Cung caya nġa hindi niya itinulot na macapagbanġon sa pagcasubasob, ang dalauang camay binaliting bagcus, nang upang magbauas pagca-asal hayop.

At pinag-uicaan sa pagayong anyo: iyo nang natatap, Valeriong palalo, ang bunġang masaclap niyang panibugho na lumilingatong na lagui sa puso.

ġMasdan mo ang iyong danġal na quinamtan, aco,i, alipin mo lamang cung sa bagay? ġnahan ang maraming iyong cayamanan sa oras na ito,i, di ca matulunġan?

Páhiná 63

Cundi ca susuco,i, anomang masapit sa lagay na iya,i, di ca ma-aalis; itong panġunġusap ano,i, sa marinig ay halos magputoc cay Valeriong dibdib.

Datapoua,t, di rin munti man lumubag
yaong pusong bato yata ang catulad,
yayamang ayao rin biglang nagsilacad
ang bagong nag-uagui,t, ang catotong liyag.

Pinabayaan nang baliti ang camay
culang na maghapon sa guitna nang arao,
cung caya guinaua ang ganitong bagay
nitong si Hortensio,i, nang magbagong asal.

Saca ang casama nang lilong Valerio
ay pinagsabihan nang dalauang ito,
na houag calaga,t, nang upang magbago
ang caniyang ugaling higuait sa demonio.

Siyang naging dahil nang pagcacasaguit,
pitong bouang halos naratay sa banig:
ang nangyaring ito,i, ano,i, nang mabatid
nang amaing pari ay naghinanaquit.

Doon sa inampon halos pagcabata,
caya nãa,t, ang bagay ay pinag-usisa,
at si Hortensio rin ang nagpaunaua
nang dahil nang caniyang doo,i, ninanasa.

Hindi co po ticang patai,t, masactan
ang iyong pamanqing pinacamamahal,
at ang guinaua co,i, nang madala lamang
magbauas nang munti ang capalaluan.

Bucod dito,i, dapat mo pong matalastas
ang caniyang pita,i, buhay co,i, mautas,
at cung sacali pang nãayon ay malacas
pilit na quiquitlin hiniñãa cong inãat.

Natanto co pong dapat patauarin
ang balang caauay at may nasang linsil;
nãuni,t, hindi bawal nang Dios sa atin
na pacainãatan ang buhay na angquin.

Cundi co guinayo,i, inaacala co
na aco,i, uala na,t, nasa isang mundo;
cayo ang magsabi, yamang alam ninyo
ang asal na ganid nitong si Valerio.

Pari,i, naniuala at lalong minahal
ang hindi pamangquin na may cabaitan
sapagca,t, minsan ma,i, hindi nadunãisan
bibig ni Hortensio nang cabulaanan.

Toto,t, sa caniyang loob na sarili
ay siya ang tanãi na hamac at imbi;
nãuni,t, ang matouid capag sinasabi
hindi nanãinãimi na parang bayani.

Laguing uniuicang ang catotohana,i,
tiquis ilaladlad sa harap ninoman;
at ang puso niya,i, sapagca,t, dalisay
ay di nagagahis niyong catacutan.

Dili maibiguing maquisalamuha
sa manãa guinoo, mayama,t, timaua;
datapoua,t, hindi iquinahihiya
yaong casalatan niya,t, pagcaaba.

Mama ni Valerio,i, sumapayapa na,
at hindi sinisi tauong ualang sala:
dito napanatag yaong magcasama
pagca,t, masusunod ang canilang pita.

Isang gabi nãaning parang nabibitin
ang buan sa caniyang liuanag na angquin,
itong si Hortensio,i, ganito ang turing
sa catoto niyang lubhang guinigulio.

Samantalain mo ang caliuanagan
nang tanglao sa gabi,t, sa madaling arao,

n̄gayon di,i, lumacad, pagca,t, caraniuan
malamig ang ulo nang cadalagahan.

At si Eliseo pagdaca,i, sumunod
sa mabuting hatol niyong nag-uutos
minulan na rito yaong paglilingcod
sa cay Esperanzang may ugaling ayos:

Mataric na bundoc ang nacacatulad,
na cung salun̄gahin ay lubhang mahirap;
tatlong taon halos saca pa naagnas
yaong batong pusong ualang casing-tigas.

Ang bagay na ito,i, sandaling ihimpil
pagbalican natin ang linisang Fidel,
sa cay Eliseo mana,i, sa darating,
doon sa colegio,i, bagong cagagaling.

CAPÍTULO XII.—*Isang cabaitan ang maghunos dili cung may cagalitan.*

Dalaua,i, nagyacap capoua lumuluha
sa malaquing touang quinamtan nang diua,
hindi magcamayao nang pag uusisa
sa canicanilang palad ó dalita.

«Nabalitaang co, ang uica ni Fidel,
«na si Esperanza ang casi mo,t, guilio;
«aco cung sa bagay naliligaya rin
«at may landas ca nang binucsan sa aquin.»

Sa bigcas nang sabi,i, agad nahalata
nitong matalino niyang casalita,
caya n̄ga,t, ang tugon cung gayo,i, humanda
at mamayang gabi,i, tayo,i, magsasadya.

Sa sariling loob nang bagong ninibig,
ay nacatagpo rin siya nang mainit;
aco,i, antain mo, ang ipinagsulit,
ang ama,t, ina co,i, baca naiinip.

Itong sa cay Fidel na man̄ga magulang
ay lubhang sagana sa lahat nang bagay,
dalaua ang bun̄ga nang pag-iibigan
dalaga ang isa,t, bagong sumisilang.

Mana,i, nang sumapit yaong tacdang oras
dalauang may pacay pagdaca,i, lumacad
bago pang nananhic nahalatang agad
na tila mabuti ang maguiguing uacas.

Nagcatotoo n̄ga,t, di pinaghirapan
ang bunsong capatid gaya nang pan̄ganay;
n̄guni,t, si Hortensio,i, cung anong dahila,t,
dili naquisama cahiman at minsan.

Cung caya ganoo,i, may lihim na nasa
na di napapacnit sa puso at diua,
loob na tintima,i, ang inaadhica,i,
maguing cahalili ni Cristo sa lupa.

Caya n̄ga,t, touina,i, ninanais-nais
na maparaos na ang catotong ibig,
sa pagayong buhay parang naiinip,
pagca,t, tinutugtog ang puso nang lan̄git.

Baquit ang caniyang banayad na asal
nagpapaquilalang talaga sa altar,
at ang laguig nasa,i, yaong capurihan
nang lalong Daquila sa sang sinucuban.

Ang sala nang tauo,i, iquinahahapis,
tandang maliuanag nang pagmamasaguit
sa capoua niya,t, tunay na pag-ibig
doon sa lumic-ha nitong sang daigdig.

